Isang Mainit na Pagbati sa Ika-41 Taong Anibersaryo ng UPNAAI!

Pagpalain ng Diyos ang bagong Pangkat UPNAAFL na pinamumunuan ni Gng. Fe Rosario Lamela Antequino, GN'71, RN. Ipagpatuloy ang Tradisyon ng Kahusayan na ating natutunan bilang mga nagtapos sa Pamantasan ng Pilipinas.

Pagbati mula kay G. at Gng. Rodolfo Villegas
Lyvia Mendoza, GN'68, BSN'71, MA, RN, FNP
Tagapayo, UPNAAI/UPNAAFL
Pangulo, UPNAAI, 1998-1999

2020 Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona

Tula ni Lyvia Mendoza-Villegas

Ang makasaysayang pagdiriwang para sa ating mga narses at komadrona na mag kapit-bisig
Ang tema, ***Mga Narses: Ang Tinig ng Patnubay – Pangalagaan ang Kalusugan ng Sandaigdig***
Sa ika-200 taong kaarawan ni Florence Nightingale, ang nagtaguyod ng makabagong narsing
Siya ang pinakaunang nars sa mundo, ating huwaran, saludo sa ating bayaning magiting.

Sa taong ito ay nasalanta ang daigdig sa kakila-kilabot at Mabangis na Digmaang Pandemya
Itanim sa isipan ang Digmaang Crimea, kung saan si Nightingale nakilala sa kanyang lampara
Ang ating ***Magigiting na Narses***, maraming nasawi sa kanilang walang humpay na trabaho
Sa pakikibaka sa bagong katunggaling COVID-19, misteryo pa sa mga dalubhasang siyentipiko.

Salamat sa WHA* sa pag-alay ng taong ito para ipagdiwang ang mga narses at komadrona
Harinawa'y magbago ang kalusugang pangkalahatan alang-alang sa lipunang ating ina-aruga
Ang mga narses at komadrona ang gulugod ng sistema ng pangkalusugan sa bawa't bansa
Gamit ang dunong, puso, at ang mga kamay, sila ay maaasahan sa bukod-tanging pag-aalaga.

Ating taos-pusong ipagbunyi ang 22 milyong narses at dalawang milyon na mga komadrona
Sa kamakailang ulat, kailangan pa ng siyam na milyong narses at komadrona sa balat ng lupa
Kung sa taong 2030 ay ipatutupad ang pagsaklaw ng kalusugang pangkalahatan sa lipunan
Iyan ang bunga ng pagsisikap ng mga narses at komadrona sa mundo, at sa bawa't tahanan.

Sa ating makakaya, lubos nating tangkilikin ang pag-unlad ng mga narses at komadrona
Sa pamamagitan ng ating Samahang UPNAAI, tayo'y pumili ng nararapat na kampanya
O makipag-ugnay sa ibang samahan na ang layunin ay hindi naiiba sa ating mga misyon
Ating tibayan ang pananampalataya at paniniwala, humingi ng awa sa Mahal na Panginoon.

*World Health Assembly